

Patakaran sa Edukasyon sa Kindergarten



Patakaran sa Edukasyon sa Kindergarten

Ang edukasyon sa Kindergarten (KG) ay naglalagat ng mahalagang pundasyon para sa panghabambuhay na pagkatuto ng mga bata at pag-unlad ng pagkatao. Gamit ang mga bentahe ng kasalukuyang edukasyon sa ilalim ng KG sa mga tuntunin ng kasiglahan at pagkakaiba-iba, ang Iskema ng Edukasyon sa Kindergarten (“ang Iskema”) ay ipinatupad simula sa taong-panuruan 2017/18.

Ang mga layunin ng patakaran ay upang magbigay ng magandang kalidad at abot-kayang edukasyon sa ilalim ng KG, at pahasayin ang dali ng pag-access ng mga mag-aaral sa iba’t ibang paraan ng mga serbisyo na angkop sa kanilang mga partikular na pangangailangan.

Probisyon ng Pamahalaan

Ang mga non-profit-making (NPM) na KG na kalahok sa Iskema (Iskema-KGs) ay direktang binibigyan ng:

Isang pangunahing yunit ng subsidiya sa bawat mag-aaral na sa prinsipyo ay sapat para sa pagkakaloob ng mga de-kalidad na serbisyong kalahating araw (HD); para sa buong araw (WD) KG na mga lugar, ang mga bayarin sa paaralan ay nasa mababang antas;

Karagdagang subsidiya para sa bawat puwang sa ilalim ng WD at mahabang puwang sa ilalim ng WD na inilatag sa 30% at 60% ng HD nay unit ng subsidiya ayon sa pagkakabanggit; at

Mga karagdagang gawad batay sa mga kalagayan ng mga paaralan, halimbawa, subsidiya sa pag-upa, gawad sa Pagpapanatili ng Lugar, gawad para sa Kusinero, gawad para sa Suporta sa mga Mag-aaral na Hindi Nagsasalita ng Tsino (NCS), atbp. Ang pagrerefund ng mga rate at upa ng Pamahalaan sa mga NPM KGs ay magpapatuloy.

Pagpapahusay ng Kalidad

Ang pagpapabuti ng ratio ng guro at mag-aaral mula 1:15 (kabilang ang punong-guro) hanggang 1:11 (hindi kasama ang punong-guro) upang ang mga guro ay magkaroon ng higit na kapasidad para sa paghahanda ng aralin, pagbuo ng kurikulum na nakabatay sa paaralan, propesyonal na pakikipagtulungan at pag-unlad, komunikasyon sa mga magulang at pagkalinga sa mga mag-aaral na may magkakaibang pangangailangan;

Paghihikayat sa KGs na magtatag ng isang hagdan ng karerang magbigay ng kumpetitibong kabayaran upang maakit at mapanatili ang mga de-kalidad na guro;

Pagsusulong ng tuluy-tuloy na propesyonal na pag-unlad ng mga punong-guro at guro ng KG, halimbawa, ipatupad ang patakaran sa Patuloy na Propesyonal na Pag-unlad at pahasayin ang mga kasalukuyang programa sa pagsasanay ng guro;

Pagpapalakas ng suporta sa mga mag-aaral na may magkakaibang pangangailangan;

Pagpipino sa Balangkas ng Pagtiyak sa Kalidad;

Pagpapahusay ng pamamahala at transparency ng KG;

Pagpapabuti ng mga lugar at pasilidad ng paaralan, pagbubuo ng mga hakbang upang madagdagan ng probisyon ang mga lugar sa KG sa mahabang panahon, at pagpapatibay ng isang streamlined na mekanismo para sa pagtatasa ng mga aplikasyon para sa mga lugar ng KG;

Pagpapahusay ng edukasyon ng magulang at paghikayat sa KG na mag-set up ng Mga Samahan ng Magulang-Guro; at

Pagsasagawa ng higit pang pag-aaral sa edukasyon sa ilalim ng KG sa Hong Kong.

Kurikulum ng Edukasyon sa Kindergarten

Ang mga layunin ng kurikulum ng edukasyon sa ilalim KG ay ang mga sumusunod:

upang pagyamanin ang balanseng pag-unlad ng mga bata sa mga domain ng etika, talino, pangangatawan, mga kasanayang panlipunan at estetiko;

upang matulungan ang mga bata na magkaroon ng magandang gawi sa pamumuhay at isang malakas at malusog na pangangatawan;

upang pagyamanin sa mga bata ang interes sa pag-aaral, isang matanong na pag-iisip at pagkasabik na tumuklas; at

upang itanim sa mga bata ang mga positibong pagpapahalaga at saloobin.

Pagtugon sa Pagkakaiba-iba ng Mag-aaral

Ang mga mag-aaral mula sa mga pamilyang nangangailangan: Patuloy na nagbibigay ng remisyon sa bayad at nagbibigay ng karagdagang gawadpara sa mga gastusin na nauugnay sa paaralan¹ para sa mga karapat-dapat na mag-aaral ng KG;

Mga mag-aaral sa NCS: Ang iba’t ibang mga serbisyo ng suporta na nakabase sa paaralan ay inaalok at ang KG na tumatanggap sa mga mag-aaral sa NCS ay maaaring mag-aplay para sa mga nauugnay na serbisyo ayon sa kanilang mga pangangailangan upang umunlad sa paaralan; palalakasin ang pagsasanay ng guro; simula sa taong-panuruan 2019/20, isang 5-tier na gawad ang ipinagkakaloob sa Iskema-KG batay sa bilang ng mga mag-aaral sa NCS na tinanggap upang mapadali ang kanilang suporta para sa mga mag-aaral ng NCS. Ang KG na tumatanggap sa isang mag-aaral ng NCS ay tatanggap din ng gawad; at

Ang pagpapahusay ng ratio ng guro-mag-aaral sa 1:11 ay lumikha ng higit na espasyo para sa mga guro upang matugunan ang magkakaibang pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang Kagawaran ng Edukasyon ay mag-aalok din ng mas nakabalangkas na in-service na mga programa sa pagsasanay para sa mga guro.



Education Bureau
The Government of the
Hong Kong Special Administrative Region
of the People's Republic of China

¹ Ang halaga ng gawaday nakatali sa antas ng gawadpara sa gastos na nauugnay sa paaralan para sa mag-aaral ng KG sa ilalim ng Komprehensibong Tulong sa Panlipunang Seguridad.